

**Program: Kwentuhang Pets ATBP.**

**Date of Airing: September 23, 2015**

**Host/Producer: Khrysta Imperial Rara**

**Student Co-Host/Producer: Gemma Esteban**

**Guest: Dr. Mike Banawa, Merial**

**PROF RARA:**

Magandang hapon sa lahat ng ating mga kaibigan na nakikinig sa atin regularly, lahat po ng mga silent stalkers diyan na hindi lang umiimik pero nakikinig pala, at sa aking mga kaibigan at siyempre 'yung mga aso ko nakikinig sila ngayon.

Welcome po sa programang Kwentuhang Pets Atbp. kung saan muli nating pag-uusapan ang lahat ng tungkol sa ating mga kapatid na hayop at lahat lahat sa mundo nila. Ako po ang inyong host Khrysta Imperial Rara...

**GEMMA:**

... At ako naman po si Gemma Esteban, ang inyong student-producer and guest co-host for today. Magandang hapon sa'yo Ma'am Rara at sa lahat ng tagasubaybay at tagapakinig ng Kwentuhang Pets Atbp.

**PROF RARA:**

Naku, Gemma, mayroon nanaman tayong action-packed afternoon ngayon. Itong episode na 'to ay very, very interesting. It's going to be a topic that will really, really interest people at tsaka lahat tayo apektado nito e. Ano nga ba 'yung topic? Sige ikwento mo nga 'yung topic.

**GEMMA:**

Pag-uusapan natin ngayong araw ang tungkol sa rabies. Sakto lang Ma'am kasi sa September 28 ay World Rabies Day na po.

**PROF RARA:**

So aalaman natin bakit ba mayroong World Rabies Day? Bakit kailangang bigyan pa ng araw ang rabies? Ibig sabihin malaking isyu o problema ito 'di ba?

**GEMMA:**

Yes Ma'am.

**PROF RARA:**

Oo tapos sinasabi ko nga na lahat tayo apektado kasi napakaraming Pilipino, hindi lang Pilipino lahat ng tao sa buong mundo na napakahilig sa mga aso, hindi lang aso kundi sa lahat

ng klaseng animals, na pwedeng maapektuhan din nitong rabies kaya maganda ito. It's a topic na matagal ko nang gustong i-tackle dito sa programang ito kasi, once and for all, masasagot ng ating guest ang lahat ng mga tanong tungkol sa rabies kasi ang daming rumors, myths, mga akala na mali naman pala.

So we will bombard our guest with questions kaya kung nakikinig po kayo at gusto niyo sumama sa aming kwentuhan, magtext lang po kayo sa 09994682307 or tawag lang kayo sa 5038288. May isa pa palang cellphone number 09272208332.

Ayan, excited na 'ko Gemma kasi ang daming pag-uusapan so ikwento mo nga ano ba 'yung ating balita for the day?

**GEMMA:**

Narito na po ang balitang hayop for the day.

Napagdesisyonan ng zoo sa Wellington, New Zealand nitong Lunes na huwag nang i-euthanize ang Sumatran tiger na umatake at nakapatay sa isang beteranang zookeeper.

Si Oz, isang lalaking tigre, ang nakapatay sa apatnapu't tatlong taong gulang na si Samantha Kudeweh Linggo nang umaga sa loob ng animal enclosure sa Hamilton Zoo. Si Kudeweh ay isang zookeeper sa loob ng mahigit dalawampung taon.

Ang nasabing zoo ay nagmamay-ari ng limang Sumatran tigers. Ang mga ito ay itinuturing nang critically endangered.

Ayon sa zoo professionals, ang pag-atake ni Oz ay bunga ng natural instincts ng isang tigre bagama't hindi ito kinakitaan ng panganib bago ang insidente.

Isinara ang Hamilton Zoo matapos ang pagkamatay ni Kudeweh. Muli itong bubuksan ngayong Huwebes.

**PROF RARA:**

Gemma, bakit ba namatay itong si Kudeweh?

**GEMMA:**

Inatake po siya ni Oz sa loob ng animal enclosure mismo.

**PROF RARA:**

Ah teka muna, Kudeweh 'yung tao?

**GEMMA:**

Opo

**PROF RARA:**

Ahhh akala ko siya 'yung Sumatran tiger. Okay so Samantha Kudeweh pala 'yung tao tapos 'yung tigre ay si Oz. Si Oz buhay pa?

**GEMMA:**

Hindi na raw siya iyu-euthanize. 'Yun 'yung final decision ng Hamilton Zoo.

**PROF RARA:**

Ah oo kasi we cannot get into the animal mind. So I'm glad na mayroon na rin silang ganitong patakaran. Dati kasi, 'pag mayroong pinatay ang isang hayop, automatically papatayin 'yung hayop na 'yun.

**GEMMA:**

At tsaka, Ma'am, critically endangered na rin daw po kasi ang Sumatran tigers.

**PROF RARA:**

Ayun, okay. Ang Sumatran tigers, ito ba 'yung black stripes? Or orange stripes? Ay, Siberian tigers pala 'yung black stripes. So I think ito 'yung orange and black. Okay, ano 'yung isa pa?

**GEMMA:**

Mga Elepante sa African Sanctuary, nasa Google Street View na. Gamit ang mga kamerang nakakabit sa truck at eroplano, kasama na ang mga litratong kuha ng satellites sa kalawakan, nakakuha ang Google ng imahe ng mga elepante sa Samburu National Reserve sa Kenya. Dito makikita ang mga ito na nagtatampisaw sa putikan, namamahinga sa lilim at iba pang natural na gawain ng mga elepante sa wild.

Ang mga larawan ay maaari nang maaccess online sa Google Street View, isang feature ng Google Maps na nakapagbibigay sa mga users nito ng on-the-ground perspective sa ilang lugar sa mundo.

Ang proyektong ito ay naisakatuparan sa pakikipagtulungan ng Save the Elephants, isang research and conservation organization sa Kenya, na naglalayong ipamahagi pa ang kwento ng mga nanganganib na elepante sa Africa.

**PROF RARA:**

Ang cute naman nu'n. Satellite images ba ito?

**GEMMA:**

Opo Ma'am. Tsaka mayroon din 'yung on-the-ground perspective mismo kaya para kang naglalakad kasama 'yung mga elepante.

**PROF RARA:**

Paanong on-the-ground? Nasaan 'yung camera?

**GEMMA:**

Nakakabit po kasi sa truck and airplanes 'yung camera.

**PROF RARA:**

Walang camera 'yung elepante?

**GEMMA:**

Ah wala po.

**PROF RARA:**

Katulad 'yung mga ibon, nilalagyan sila ng camera e, mga whales.

**GEMMA:**

Opo dito kinabit nila sa trucks and airplanes.

**PROF RARA:**

So 'yung mga truck, sumusunod sa mga elepante?

**GEMMA:**

Opo.

**PROF RARA:**

Ay ang ganda. So makikita nila talaga 'yung one day in the life of an elephant. Ewan ko nu'ng panahon niyo pero nung lumalaki ako, mayroon kasing image na 'yung elepante daw dumbo, bobo e. Kasi Dumbo the Elephant. Mayroon 'yatang cartoon character noon.

**GEMMA:**

Opo, si Dumbo.

**PROF RARA:**

So ang pagtingin ng tao hindi matalino 'yung elepante pero in the past few years, ngayon nakikita 'yung evolving attitudes towards elephants kasi ngayon narerealize na ng mga tao, mga scientists na ang elephants pala ay napakatalino. They go in herds. Mayroon silang family structure, hierarchy. Mayroon silang napakalawak na memory. Grabe ang memory nila. Kahit 30 years nilang 'di makita 'yung kasama nilang elepante, 'pag nagkita sila ulit they remember each other. Ang dami nang instances na ganoon. So maganda ito. Mapanood nga 'yan. May link ka ba diyan?

**GEMMA:**

Maaaccess na po siya. Punta lang po kayo sa Google Maps tapos nandoon na rin po 'yung Google Street View.

**PROF RARA:**

Okay. Wow ang cute. Kaya nananawagan ako sa Manila Zoo. Pakawalan niyo na si Mali. Si Mali po ay isang elepante sa Manila Zoo, the only elephant in the Philippines. And 'yung mga animal group pinapakiusap sana sa Manila Zoo na irelease na si Mali para pwede siyang dalhin sa isang elephant sanctuary sa Thailand kung saan makakasama niya ang mga kapwa elepante niya. So makakalaro siya, makakalakad, makakaexplore kasama 'yung mga elepante. Ang pinakaimportante ay matitikman niya ang isang normal na buhay ng elepante. Ngayon kasi, nakita mo na ba 'yan si Mali sa Manila Zoo?

**GEMMA:**

Opo pero bata pa po kasi ako noon kaya hindi ko na matandaan masyado.

**PROF RARA:**

Oo the last time I went there talagang awang awa ako sa kanya. Nakakaiyak kasi obviously may sakit siya doon sa dalawang paa niya kasi nakasandal siya palagi. Isang side lang ang ginagamit niya, ang finefavor niya. Kasi parang may sugat tapos mag-isa siya. E ang elephants they always live in herds. Lagi 'yan magkakasama sila. Marami sila so mag-isa siya, she has never enjoyed the company of another elephant. 'Yun ang malungkot doon. Pero kung mapadala siya sa Thailand, magiging normal elephant siya kumbaga. She can experience life as an elephant should experience it. Dati kasi pumayag na ito si Presidente Aquino na ipadala si Mali. Ngayon nag-iba ang isip. Ayaw pakawalan ng mga taga-Manila Zoo authorities tsaka ni Mayor Erap. I wish Mali all the best in life. Kawawa naman 'yung elepante na 'yon, 32 years old na siya ngayon.

Okay, mag-break muna tayo.

**GEMMA:**

Sa atin pong pagbabalik ay pag-uusapan naman natin ang isyu ng rabies kasama ang ating special guest. Huwag po kayong aalis. Magbabalik ang Kwentuhang Pets Atbp. Ang oras po natin ay ganap na 1:12 nang hapon.

**<COMMERCIAL GAP>**

**PROF RARA:**

Okay, nagbabalik po tayo sa programang Kwentuhang Pets Atbp. Maya-maya po lamang ay makakapanayam natin si Dr. Mike Banawa at ibabahagi niya sa atin ang kanyang kaalaman sa rabies. Ito po ay isang expert sa rabies. So tatanungin po natin siya, ako pa lang e andami-dami ko nang tanong. Kanina pa lang e I was pestering him with questions na ano. Okay so Gemma mayroon kang sasabihin?

**GEMMA:**

So listeners kung may mga tanong kayo o reaksiyon tumawag lang po sa 5038288 o kaya ay magtext sa 09266808283 at 09324461836. Pwede ring po kayong magkomento sa aming facebook page at makinig sa aming livestreaming sa [www.dzup.org](http://www.dzup.org).

Ngayon naman ipapakilala na natin ang ating special guest. Kasama natin ngayon ang ating panauhin na si Dr. Mike Banawa, graduate ng Veterinary Medicine sa UP Los Banos at ngayon ay Assistant Technical and Marketing Manager for Pets Business Unit sa Merial. Siya ay nagsspecialize sa small animals. Magandang hapon, Doc.

**DOCTOR BANAWA:**

Magandang hapon Gemma. Magandang hapon Khrysta.

**PROF RARA:**

Welcome to the program Dr. Mike.

**DOCTOR BANAWA:**

Well, it's always a pleasure to be here in your radio program.

**PROF RARA:**

Oo kasi yang rabies na 'yan eh, ang daming mga misunderstandings. So, ngayon, we'll clarify these with your help.

**DOCTOR BANAWA:**

Yes, yes.

**PROF RARA:**

Oo, so, ano ba yung pinaka-origin? Kanina po tinatanong ko pa si Doc Mike 'no.. San ba talaga nanggagaling 'yang rabies? What is it?

**DOCTOR BANAWA:**

So, kanina nga nagsimula na tayong.. medyo maganda kasi itong topic natin na 'to ano.. So, excited tayo na pag-usapan itong rabies and unang tanong mo rin sakin kanina is, saan ba talaga nagsimula ang rabies dito sa Pilipinas? To be honest, hindi ko alam kung saan nagsimula kung titignan natin historically. Pero kung pagbabasehan natin scientifically, kumbaga, rabies, umiikot siya. We have reservoir. Meron din naman tayo ng mga infected animals. So, ako, personally, di 'ko masasagot kung saan talaga nagsimula ang rabies dito sa Pilipinas pero matagal na ang rabies dito.

**PROF RARA:**

So ano ang mga hayop na merong rabies?

**DOCTOR BANAWA:**

Okay. Anong mga hayop ang kumbaga naiinfect ng rabies? Dito sa Pilipinas, commonly, ang rabies makikita natin sa aso, sa pusa, pero we also need to educate mga kababayan natin na ang rabies po pwede rin pong maka-infect sa mga farm animals natin.

**PROF RARA:**

Oh, sa mga manok?

**DOCTOR BANAWA:**

There are studies na ininfect po nila ang manok but hindi po kasi talaga sila ang.. kumabaga naapektuhan ng rabies. Most are mammals or warm-blooded animals.

**PROF RARA:**

Ibig sabihin, yung aso, pusa, carriers sila, diba? Masasabi bang carriers sila? Paano ba 'yan?

**DOCTOR BANAWA:**

Sila po yung mga, kumbaga..

**PROF RARA:**

O biktima rin sila?

**DOCTOR BANAWA:**

Biktima rin po sila ng rabies. In the wild, dun po natin makikita ang mga carrier nating bats..

**PROF RARA:**

Paniki?

**DOCTOR BANAWA:**

Paniki. Yun po yung pinaka-common sa Pilipinas but in other countries, there are raccoons, minks, wolves, coyotes, tigers.. They can be infected with the rabies.

**PROF RARA:**

And yet hindi sila mamamatay?

**DOCTOR BANAWA:**

Mamamatay din po sila. Kumbaga, nagkaroon po kasi tayo ng impression na naapektuhan sila pero hindi sila mamatay because on a day-to-day basis, hindi natin sila nakikita and wala tayong interaction with them. But just like any other animals na ma-infect ng rabies, kapag na-infect ka, you will.. rabies will be fatal.

**PROF RARA:**

So ibig sabihin, yung mga paniki, pag na-infect sila o nalagyan ng rabies, mamamatay sila?

**DOCTOR BANAWA:**

Opo, ganun din po yung mangyayari sa kanila, just like yung course through ng rabies with the other animals.

**PROF RARA:**

So, saan kaya nakukuha ng paniki yung rabies na nagiinfect sa kanila?

**DOCTOR BANAWA:**

It became a cycle na po, kumbaga, kung itre-trace back natin yung virus mismo, pinagsimulan niya based on the researches I've made, tinatawag din na ang rabies virus as Australian bat lyssavirus. So, with the name, una siyang nadokumento sa bats pero kumbaga, may mga researches na ginagawa to trace down san ba talaga nagsimula ang rabies.

**PROF RARA:**

Eh saan naman kaya nakukuha ng mga aso ang rabies?

**DOCTOR BANAWA:**

Dito po sa Pilipinas, ang pinanggagalingan po ng aso and cats would be yung mga infected din na aso and cats. But katulad nga po ng sinabi ko earlier, pwede rin po nilang makuha at pwede rin pong manggaling sa mga paniki.

**PROF RARA:**

Ah, so pwedeng yung isang aso ay kinagat ng isang paniki?

**DOCTOR BANAWA:**

Pwede po.

**PROF RARA:**

O kaya yung isang rabid na aso kinagat o kaya'y nalawayan ang sugat niya ng isang infected na aso?

**DOCTOR BANAWA:**

Sa isang rabid o infected na dogs or cats, possible rin po ito.

**PROF RARA:**

Ah, tapos, pag yung aso naman ay may nakagat na tao, papasa sa tao?

**DOCTOR BANAWA:**

Maipapasa po sa tao.

**PROF RARA:**

O kaya pag nadilaan lang yung sugat..?

**DOCTOR BANAWA:**

Yung sugat? Ang kailangan po kasi natin talaga for rabies to transmit sa other mammals would be open wound.

**PROF RARA:**

Ah.. or mouth?

**DOCTOR BANAWA:**

Yes..

**PROF RARA:**

Paano kaya iyon?

**DOCTOR BANAWA:**

Kasi may katulad po nung sa... May tinatawag po kasi tayo na mucosal part or yung mga katulad po sa bibig natin, yung mga exposed, kasi po easily, makakapasok po dun yung virus, even with our eyes.

**PROF RARA:**

Ah, for the eyes.. pag natalisikan ka lang ng laway ng isang rabid na aso..

**DOCTOR BANAWA:**

There is a chance but kumbaga, may mas malaking chance kapag may open wound ka, may direct entry ang virus.

**PROF RARA:**

What about yung nababalitaan natin na mga taong namatay dahil kumain sila ng aso na may rabies pala?

**DOCTOR BANAWA:**

Hindi po kasi ako pwedeng makapagcomment more on the human side because hindi po tayo eksperto pagdating sa parte na 'yun, pero sa pagkakaalam ko po.. Kumain ng luto? Kasi once maluto po ang rabid na dog, mamamatay po yung virus. Yun po ang aking pagkakaalam.

**PROF RARA:**

Ah, yun yung mga napanood ko sa TV na yung isang tao namatay daw kasi kumain sila ng aso eh diba, bawal yan sa batas natin eh. Bawal ang dog-eating pero nagpatay sila ng aso, kinain nila tapos namatay din sila. So ang conclusion ay may rabies daw yung aso.

**DOCTOR BANAWA:**

Baka po.. Titignan din po muna natin kung ano 'yung mga naging symptoms or signs bago mamatay yung tao.. Makikita talaga natin na rabies siya because yung rabies po yung inaatake po talaga niya is yung nerves natin going to the brain. So, kung ang naging signs po nung tao bago po siya mamatay would be hindi more on the nerves, hindi more on the brain, most likely hindi po natin masasabi na rabies po 'yung ikinamatay niya.

**PROF RARA:**

Ano ba 'yung symptoms ng isang taong may rabies?

**DOCTOR BANAWA:**

Most of the time po mga neurologic symptoms.

**PROF RARA:**

Like?

**DOCTOR BANAWA:**

Like, kasi may mga phases po tayo ng rabies. Yung pinakahuling phase, yun po yung pinakamalala, ang makikita po natin dun kaya ang term po nila is “parang asong nauulol din,” because umabot na po sa brain yung rabies virus. So ang mga makikita po natin diyan ay yun nga po, parang nababaliw na din, more on psychological signs.

**PROF RARA:**

So, what about yung aso, paano natin malalaman na may rabies siya?

**DOCTOR BANAWA:**

Just like sa humans, ganun di po yung course of disease ng rabies sa aso. It's more on nervous signs, makikita po natin yung mga literal na nauulol na aso, kaya nga po sinasabi nila na nagkakaroon ng hypersalivation, naglalaway yung aso pero hindi naman ibig sabihin na lahat ng asong sobra yung paglalaway ay rabid. Sila po yung commonly, pag nakagat ka ng rabies ng rabid na dog, basta ka na lang naglalakad ka eh suddenly kinagat ka ng wala namang reason, hindi mo siya pinalo, hindi mo siya inapakan or uh, bigla ka na lang kinagat. Kasi po yung brain nila naapektuhan na rin and hindi na rin maayos yung discernment nila with the environment. Everything is parang threat na sa kanila.

PROF RARA: Ah pero hindi ba meron tayong protocol diyan na pag nakagat ng aso, dapat ikulong yung aso for, ano, 2 weeks ba 'yun? Para maobserbahan?

DOCTOR BANAWA: Inoobserbahan po talaga yung aso pag nakagat ka, lalo na po kung hindi vaccinated yung aso.

PROF RARA: Kailangang obserbahan..?

DOCTOR BANAWA: If I'm not mistaken po, 10 days.

PROF RARA: 10 days. Tapos pag namatay yung aso, ibig sabihin, may rabies siya?

DOCTOR BANAWA: Hindi pa rin po. Kailangan pong i-check siya ng.. meron po tayong laboratory sa government natin that will check on the brain of the dog, usually po kasi free rin po yung kolekta (...) sa namatay na aso to confirm if the dog is rabied.

PROF RARA: Saan ginagawa 'yan? Any hospital ba or mga vets? Saan ginagawa 'yan? Diba puputulin yung ulo, ano..

DOCTOR BANAWA: Ay ganun yung ginagawa tas sinasubmit po natin sa mga laboratory ng government. We have here po se Bureau of Animal Industry. Nasa kanila po yung facility ng laboratory.

PROF RARA: So, pag ang isang animal o tao ay may rabies, is there a cure?

DOCTOR BANAWA: Cure, ah, tamang tama 'yang question po na 'yan. Cure kapagka may rabies.. Kapag po kasi nakagat tayo, kumbaga may protocol tayo na ginagawa, post-exposure tapos kasama po nun is 'yung immunoglobulin which is the actual antibody for rabies. Kasi hindi na po natin siya gustong magprogress into yung rabies na hindi na natin

talaga magagamot. I am not sure with other countries, but in the Philippines, I haven't heard of a cure for advanced stage of rabies. So, kapag nakagat tayo, may tinatawag po tayong post-exposure vaccination and also may kasama rin po tayo na immunoglobulin.

PROF RARA: So, kapag nakagat ka ng aso na hindi mo kilala o kaya aso na namatay o parang naging ulol after 2 weeks, magpa-shot na kaagad ng post-exposure..

DOCTOR BANAWA: Opo, usually po pagpunta po natin sa mga animal centers, sa municipality or city hall, sa mga government hospitals, meron na pong programa na dapat sundin kapag nakagat po tayo lalo na pag hindi po tayo sigurado kung yung asong nakakagat sa atin ay vaccinated. Again, I would just like to clarify na, yung aso po, kumbaga hindi tayo sigurado, tinitignan natin, kung kumbaga icheck natin in 10 days kung mamamatay siya or hindi pero daw the time na makagat ka, immediately, kung hindi ka sigurado dun sa vaccination nung asong nakakagat sa'yo, hindi mo alam kung ano yung aso iyon, ang programa po natin diyan is dapat dumeretso na po tayo sa mga animal centers para mabigyan ng tamang ano..

PROF RARA: Ilang injections ito.. itong anti-rabies post-exposure?

DOCTOR BANAWA: Hindi po ako ganung kasigurado when it comes to programs human-side, but I think there is an established protocol by the Department of Health when it comes to post-exposure.

PROF RARA: Ah, pero diba ang mga animals para hindi sila.. proteksyon nila laban sa rabies, binibigyan sila ng pre-exposure.. 'yun ba tawag dun?

DOCTOR BANAWA: Ah, binabakunahan.

PROF RARA: Binabakunahan?

DOCTOR BANAWA: Opo.

PROF RARA: Ano 'to? Yearly?

DOCTOR BANAWA: Meron po kasi tayong Anti-Rabies Act of the Philippines which requires that all dogs be vaccinated every year since we are in the process of eradication.

PROF RARA: Uhm, and at what age pwede yung aso? Kasi.. puppy ba pwede?

DOCTOR BANAWA: Ah, nagstart po tayo ng vaccination at 3 months.

PROF RARA: At 3 months tapos hindi sila pwedeng maligo?

DOCTOR BANAWA: Ah, usually po just like any other vaccination na binibigay sa animals, sa pets, inaano po natin na hindi sila pwedeng maligo for 3 to 5 days.

PROF RARA: 3 to 5 days? Ah, pwede pa. Eh ano naman, totoo ba raw na mas matindi daw ang rabies ng mas batang aso? Totoo ba 'yun?

DOCTOR BANAWA: Ah, that is also a common myth sa Pilipinas when it comes to rabies. Pareho lang po sila ng rabies, ng rabies virus.

PROF RARA: Pareho lang?

DOCTOR BANAWA: Kumbaga, hindi po siya mas malakas or mas mahina, as long as makapasok yung rabies, it would go the same course.

PROF RARA: Okay, so, Doc Mike, meron pang mga tanong but, like, kunwari, may rabies ba raw, kasi may mga doctors na nagsasabi na wala daw rabies ang daga, at tsaka may tanong si Faith, sabi niya, kung yung other way around daw, pwede bang mahawa ng tao ang aso ng rabies? Ibig sabihin, tao yung may rabies tapos mahahawa naman niya yung aso.. pwede ba 'yun?

GEMMA: Opo ma'am. Bago yang mga katanungan ay magbreak po muna uli tayo. Time check: It's 1:32 pm.

((COMMERCIAL BREAK))

PROF RARA: Okay, so balik po muna ulit tayo sa Kwentuhang Pets. Ako po si Khrysta Imperial Rara, kasama an gating co-host na si Gemma, at kasama din po natin si Doc Mike Banawa ng Merial Company. Ang Merial, diba kayo yung mga gumagawa ng gamot?

DOCTOR BANAWA: Ang Merial Philippines po, kami po ang nagproproduce ng, when it comes to pets, nagproproduce ng biological which are your vaccines. We also have products ng [parasitocides](#) na para sa mga kuto and garapata.

PROF RARA: Pero puro mga gamot, walang mga pagkain?

DOCTOR BANAWA: Wala naman po. Wala po kami nung mga kumbaga dog foods. Wala naman po kaming ganung produkto.

PROF RARA: Okay. So, doc Mike, I would just like to go back po yung question ko before the break. May rabies ba yung daga? I mean, natural ba sa daga magkarron ng rabies?

DOCTOR BANAWA: Naturally po, wala silang rabies.

PROF RARA: Ah, so totoo na wala silang rabies..

DOCTOR BANAWA: Wala po silang rabies pero pwede silang magka-rabies.

PROF RARA: Paano nila makuha?

DOCTOR BANAWA: Paano nila makuha? The same with the..

PROF RARA: Pag nakagat sila?

DOCTOR BANAWA: Not only with makagat sila but also coming to contact with the, katulad sila, since nasa wild sila, more on the bats din. Kung makikita po natin, talagang sa bats nagsimula, parang sa bats talaga natin sinisimulan ano po.. Tapos maka-infect siya then iikot na.

PROF RARA: Ang bats ba kumakain ng daga?

DOCTOR BANAWA: Dipende po. There are bats na fruit-eating, may mga bats na insectivores.

PROF RARA: Ah, tama.. Tama. Okay, so, may tanong kanina si Faith Navarro. Sabi niya, pwede bang tao ang magbigay ng rabies sa aso?

DOCTOR BANAWA: Wala pa naman po akong naririnig at documented na ganyan pong scenario but most likely po kasi, there is a possibility if kakagatin nung aso yung.. but technically-wise..

PROF RARA: Kakagatin nung?

DOCTOR BANAWA: Nung rabid na tao or maipapasa niya yung laway sa dog which is technically hindi naman po nangyayari because mabilis po yung progression ng disease sa tao and by that time, most likely, nasa ospital na siya and hindi na po, kumbaga, wala na siyang ano.. dahil sa mga ospital nga po natin, lalo na karamihan po makikita po natin mga cases na yan sa RITM, nakarestrain na po yung mga nasa advanced stage ng rabies sa humans. Kasi talagang, para na rin po silang, they become so paranoid, talagang lagi nga pong sinasabing ayaw uminom ano po.. Kasi, kaya po reason kung bakit po hindi po umiinom, hindi naman po sa ayaw nila, gusting gusto nilang uminom dahil uhaw na uhaw sila, pero hindi sila nakakainom dahil nagkakaroon sila ng constriction dito sa may.. para makalunok sila.

PROF RARA: Ah, parang may humaharang?

DOCTOR BANAWA: Opo kasi nacoconstrict. So kung iinom sila, pupunta sa lungs nila yung water, yun na po 'yung ikamamatay nila, para kang nalunod.

PROF RARA: Uhm... okay..

DOCTOR BANAWA: But technically, gustong gusto nilang uminom dahil nauuhaw sila.

GEMMA: Bago po natin ituloy ang ating talakayan tungkol sa rabies, may pakikilingan muna tayong kanta. Ang kantang ito ay pinamagatang Who Let The Dogs Out? by Baha Men noong 2000.

((Song: Who Let The Dogs Out))

PROF RARA: Okay, so, ikaw ata pinakawalan mo yung mga aso, Gemma? Okay, so bakit ba, Doc Mike, kailangan ng World Rabies Day? Just how important is it to the Philippine government?

DOCTOR BANAWA: Bakit kailangan ng World Rabies Day? Kasi, rabies- very fatal na disease both animals and humans especially sa humans, sa atin. That's why, World Rabies Day, yung objective niya and it aims na magkaroon talaga ng awareness, (kung) ano ba talaga ang rabies.

PROF RARA: May program aba ang gobyerno para diyan?

DOCTOR BANAWA: The government has a national rabies eradication program. The aim of the government is to eradicate rabies by 2020, that's why kung makikita po natin ang dami talagang kina-conduct na mass vaccination ng Bureau of Animal Industry sa cities, municipalities, going to provincial level, regional, national.. Talagang every now and then, nagka-conduct po talaga sila ng rabies vaccination. Actually, nagaattend nga po tayo ng mga trainings nila on how to vaccinate, paano ba yung tamang pag-stray ng mga dogs in the field. Yun po yung mga shineshare rin natin sa kanila to help the government with the rabies eradication program.

PROF RARA: Dogs lang ba ang vinavaccinate?

DOCTOR BANAWA: Same with po ng cats. Dogs and cats.

PROF RARA: Ah, dogs and cats. Meron tayong reaction from our listener, Evelyn Katigbak. Sabi niya, "Thank you for discussing this important topic."

DOCTOR BANAWA: (You're) welcome po and hindi po natin ito madidiscuss without the initiative of Khrysta.

PROF RARA: Okay, ako very concerned ako kasi I love animals and hindi ko gusto yung pag takot kaagad ang tao sasabihin, rabies kasi, rabies.. I wanted to correct kung meron mang myths at malaman ang katotohanan na ano pala, it's when these dogs and cats get infected na nagkakaroon sila.

DOCTOR BANAWA: Ah-uh, kasi, ang ano po kasi natin when it comes to, hindi po kasi natin as a veterinarian, I also don't want na i-equate natin yung rabies to our dogs and cats..

PROF RARA: Oo nga.

DOCTOR BANAWA: .. or sabihin na nating to our stray dogs and cats. Unang una, hindi po ginusto ng ating mga dogs and cats na maging stray, just like humans, yung mga palaboy na nakikita natin sa lansangan hindi rin po nila gusto na magpalaboy laboy, hindi nila gusto na walang makain, umiinom ng maduming tubig, samantala kung tayo ay may sarili tayong pets, halos mas mahal pa yung kinakain nila kaysa sa atin. So, yun po yung ano natin, part din po ng

World Rabies Day and the national eradication program of the government is yung tinatawag natin na responsible pet ownership.

PROF RARA: Okay, so, paano 'yun?

DOCTOR BANAWA: Bakit po responsible pet ownership? Dahil kung hindi po tayo magiging responsible na mga pet owners, hindi rin po natin masusugpo ang rabies. Bakit po? Kasi pagdami po ng stray dogs and cats natin, pagdami po ng mga hindi nababakunahan ng rabies.

PROF RARA: So, part ng responsible pet ownership, kailangang pabakunahan mo yung alaga mo?

DOCTOR BANAWA: Tama po. Pabakunahan po natin sa rabies at sa mga ibang sakit ng dogs and ng cats, dahil tayo rin po at risk kung hindi po natin ito gagawin.

PROF RARA: Okay.

DOCTOR BANAWA: Lalo na po sa rabies. It's a, kumbaga, yun yung pinakaimportanteng zoonotic disease na tinatawag nila. Zoonotic yung sakit ng animals na maipapasa rin sa humans.

PROF RARA: Okay, may tanong dito si Jaya. Sabi niya, makukuha ba ng aso at ng pusa ang rabies pag nagkalkal sila ng basura?

DOCTOR BANAWA: Ah, ang rabies po ay virus. Ang mga viruses po kailangan po nila ng cell host para po mabuhay. Nabubuhay sila sa environment but to a certain extent or time lang. Kailangan po nila nang sa loob po ng katawan ng animals, humans, plants. Same for all viruses para po magreplicate so, kung sa tanong po niya kung makukuha niya sa pagkalkal ng basura, most likely po hindi.

PROF RARA: What about kung yung aso o pusa ay nagpatay ng daga? Kasi ginagawa nila yan diba, nagpatay sila ng daga.

DOCTOR BANAWA: If yung daga is infected, there is a chance.

PROF RARA: Pero pag hindi infected?

DOCTOR BANAWA: Pag hindi po, wala naman po.

PROF RARA: No worries.

DOCTOR BANAWA: But there are other, may iba pong makukuha dun sa daga, marami pong naipapasa ring sakit ang daga.

PROF RARA: Ah ganun? Like?

DOCTOR BANAWA: Like E. coli. That's a bacteria na nagcacaue ng common diarrhea. Pwedeng salmonella..

PROF RARA: Oo for the dogs.. oh, for people, for people.

DOCTOR BANAWA: For people rin po, sa rats same sa dogs, ganun din po.

PROF RARA: Ah, so I wanna go back to the program ng gobyerno sa ano noh, to eradicate the (rabies). Meron bang goal ang Philippine government?

DOCTOR BANAWA: The goal of the Philippine government is to eradicate the rabies sa Pilipinas on 2020. That's why talagang massive po yung vaccination na ginagawa ng ating gobyerno.

PROF RARA: Okay..

DOCTOR BANAWA: Kanina, natanong ako ni Gemma with regards to resources, availability ng bakuna natin. Sabi ko nga po sa kanya, the anti-rabies vaccine is very much

available sa government natin and not only for dogs and cats or our pets, but also human vaccines.

PROF RARA: Just a question, dumating na lang sa isipan ko. Do you agree with this idea or this policy na to eradicate rabies dito sa Pilipinas ay hinuhuli lahat ng mga aso at pusang gala para alam natin na papatayin sila sa PAW noh, sa Payatas? Hulihin na lang natin lahat nga mga gala na aso at pusa para mawala ang rabies.

DOCTOR BANAWA: I think it's part of the program po talaga para makontrol po natin na hulihin sila sa dog pound and bigyan sila ng magandang, kumbaga, tirahan, maayos na pagkain and maiinom.

PROF RARA: But we know, that's not gonna happen pag dinala yan sa pound, papatayin sila eh.

DOCTOR BANAWA: Yun po yung kumbaga dapat dun naman po tayo dapat pumasok as a responsible na mamamayan, na hindi natin hayaan na dumating dun. So, dun pa lang sa simula nang pagkakaroon ng stray dogs, dun palang dapat inaaddress na natin (na) bakit ba nagkakastray dogs. Kasi hinahayaan natin na mag-alaga tayo tapos paparamihin natin yung ating mga dogs and cats pero hindi natin sila kayang alagaan.

PROF RARA: So dapat..

DOCTOR BANAWA: That's why inaadvocate rin po ng, also as a UP alumnus, inaadvocate po ng College of Veterinary Medicine yung tinatawag natin na spay and neuter.

PROF RARA: Yung kapon? Pagkakapon?

DOCTOR BANAWA: Kapon, pagkakapon- para maiwasan nang dumami.

PROF RARA: Ah, okay, okay. Oo kasi ako personally noh, I really don't like the idea na papatayin yung mga aso't pusa just because may programa na ieradicate.. eh yung mga aso't pusang ito kunwari ditto sa UP, wala naman silang rabies eh.

DOCTOR BANAWA: Yes and also, kung pagpatay naman po n gating mga pusa at aso, that's against the Animal Welfare Act.

PROF RARA: Exactly. So what, what are you saying is like the government is violating the Animal Welfare Act?

DOCTOR BANAWA: That is if proven na yung ating mga dog pounds are owned by the government na papatayin po nila. But I'd.. kumbaga it's a hamon sa gobyerno natin, totoo ba na kapag hinuli ng mga government-owned na dog pounds or dog and cat pounds or shelters itong mga aso at pusang ito ay papatayin. Because if totoong nangyayari, that is contradiction to what Animal Welfare Act is.

PROF RARA: Totoong nangyayari yan kasi dito, pag dati, ngayon kasi bawal nang maground up ng mga aso at pusa pero dati, pag rinound up yung mga aso at pusa dito, dadalhin muna diyan sa, meron tayong parang mga mini kulungan diyan sa Community Affairs tapos dadalhin sa barangay, pagkatapos sa barangay, dadalhin sa pound, papatayin na sila dun. So talagang nangyayari 'yun.

DOCTOR BANAWA: I think that is one concern also that the government and also the local government needs to be addressed. One good example po ng ganito, it came to my knowledge that Los Baños sicne dun po ako nanggaling, may dog pound po dun na or a shelter.

PROF RARA: Ah, ganun ba?

DOCTOR BANAWA: And dun po talaga inaalagaan nila yung mga dogs.

PROF RARA: Saan galing yung mga dogs doon?

DOCTOR BANAWA: Within the municipality po.

PROF RARA: Yung mga gala?

DOCTOR BANAWA: Opo, madami pong nagvovolunteer especially coming from the College of Veterinary Medicine ng UP.

PROF RARA: Tapos? Ano yun, nakakulong sila? May individual cages?

DOCTOR BANAWA: May nakakulong po, may individual cages sila. Kung makikita po natin the facility is not that good, sabihin na natin. Pero yung paraan ng pagaalaga, masasabi natin na tama.

PROF RARA: Okay, yah, okay na yun noh, kaysa yung papatayin.

DOCTOR BANAWA: Opo. Hindi ganung kaganda yung facility in terms of, kumbaga hindi siya state-of-the-art..

PROF RARA: Hindi siya aircon..

DOCTOR BANAWA: .. hindi siya aircon, hindi siya modern, pero tama lang po na meron siyang maayos na matitirhan, may pagkain, may malinis na mainom, very conducive for our pets.

PROF RARA: I think that's okay, basta inaalagaan sila.

DOCTOR BANAWA: Yes, opo yun and isa rin po na inaadvocate ng shelter nga po na ito is yung adoption. They also have a process for adoption.

PROF RARA: Marami namang nagaadopt?

DOCTOR BANAWA: Ah, marami po katulad po sa mga animal welfare groups natin, madami pong nagaadopt pero since dumadaan nga po sa proseso yung adoption natin, it takes time pero at least kapag naadopt mo, alam mo na yung dogs and cats is mapupunta sa maayos o sa tama at responsible na pet owners.

PROF RARA: Doc, do you have a dog?

DOCTOR BANAWA: I have. I have a lot.

PROF RARA: A LOT?

DOCTOR BANAWA: Taga-Batangas po kasi ako and in our province, I think I have more than ten.

PROF RARA: Ten. Anong mga breeds nila?

DOCTOR BANAWA: They are all Aspins and I also have 1 Labrador, ang name po niya is Sam.

PROF RARA: Yung mga Aspins, mga rescued ba sila o talagang alaga?

DOCTOR BANAWA: Alaga na po namin sa family.

PROF RARA: That's a big barkada!

DOCTOR BANAWA: Actually, bata pa po ako, ganun na yung family namin. My father is a dog-lover so hanggang sa kami, nakalakihan na namin na nakaikot samin ang mga dogs, so, derederetso lang po.

PROF RARA: I suppose lahat sila nabakunahan.

DOCTOR BANAWA: They are all vaccinated.

PROF RARA: And puro sila nakapon?

DOCTOR BANAWA: Ah hindi po. They are not spayed, they are not neutered dahil okay lang naman po sa amin na dumami po sila, dahil kaya naman po naming silang alagaan. Yun po yung tinatawag natin na responsible pet ownership.

PROF RARA: Oo.

DOCTOR BANAWA: Kung hindi po kayang alagaan ang marami, nandiyan po ang spay at neuter. Kung gusto mo at kaya mong alagaan ang marami, wala pong pumipigil sa inyo as long as you can give kung ano yung dapat na proper health care dun sa mga pets.

PROF RARA: Ah, so, yun pala yung logic sa kapon noh, kapag hindi mo kaya, ipakapon mo na para maganda ang kalidad ng buhay ng aso mo or pet. Kasi pag madami nga naman..

DOCTOR BANAWA: Hindi mo mapapakain ng maayos, maghahati-hati sa kunting pagkain na meron ka, papayat lang po sila. Eh kami naman po, we take into consideration din yung dami ng mga aso naming, so, naproprovide po naming kung ano yung pangangailangan po nila.

PROF RARA: Ah okay. What about po sa.. ayaw niyo ng pusa?

DOCTOR BANAWA: Hindi po kasi, kumbaga, yung sister ko po kasi may asthma, so bata pa po kami, hindi siya masiyadong ano when it comes to cats. I don't know kung ano, for sure yung fur, pero sabi ko nga yung dogs also have, hindi nga lang sila ganung nagsheshed ng mga buhok buhok.

PROF RARA: Doc Mike, would you like to give some parting messages or parting words para sa ating mga listeners to remind them of something?

DOCTOR BANAWA: Siguro, simulan ko muna dun sa advocacy naming sa Merial. Mayroon po kasi kaming campaign, we call it "A Bite of Love, A Drop of Happiness" kasi Merial is, as all we know, makers of Frontline.

PROF RARA: Yung Frontline ay..?

DOCTOR BANAWA: Ang Frontline po natin ay it is the spot on anti-tick and flea.

PROF RARA: Laban sa garapata?

DOCTOR BANAWA: Laban sa kuto and garapata. Ah, for sure marami nang nakagamit ng Frontline with proven efficacy. Since gumagamit na po tayo, we have partnered with the Philippine Animal Welfare Society, so, this is a yearlong campaign. So for the purchases niyo po ng 6 months for 6 pipettes ng Frontline and 6 chewables ng Heartgard which is prevention natin sa heartworm, we will be donating 1 pipette and 1 chewable to the dogs of the Philippines Animal Welfare Society. Since gumagamit naman po tayo, there's no extra cause, all you need to do is to register your product sa amin pong Facebook page, also i-like niyo na rin po ang Merial Philippines Pet and may application po dun na maireregister niyo po yung mga purchases ninyo and for you na makapag-donate rin sa Philippine Animal Welfare Society. Again, this is not Merial's donation, this is your donation to the Philippine Animal Welfare Society. Kumbaga, naging vehicle lang kami para maipaabot niyo po yung inyong donations.

PROF RARA: Yung tinatawag niyong pipette, yan yung parang maliit na toothpaste?

DOCTOR BANAWA: Opo, yung pinapatak natin sa likod or batok na ating mga dogs.

PROF RARA: So, ano yun, sa bawat anim na Heartgard na tablet..

DOCTOR BANAWA: .. and anim na pipette ng Frontline, magbibigay po tayo ng isang pipette ng Frontline at isang Heartgard sa mga aso po yung cause.

**PROF RARA:**

Ah wow, it's a noble cause. Okay 'yun. I hope maraming mga pipettes at Heartgard tablets ang mapunta sa mga aso ang cause.

**DOCTOR BANAWA:**

And this is not only the purpose, kumbaga this is just the pilot project namin. We will, yung mga ibang animal welfares ganun din po, kumbaga, also to conclude na nga rin po yung usapan natin na ito, I think the rabies eradication program not only by the government and also us, Merial, will boil down to responsible pet ownership. And also, kailangan pong maging aware tayo sa rabies in the Philippines. Rabies is fatal and pag-aralan po natin. Makinig po tayo.

**PROF RARA:**

Okay. So maganda iyon ano, responsible pet ownership. It all boils down to responsible pet ownership, pati yung sa rabies, pag may alaga kayo, bakunahan. You will not be in immediate danger sa bahay niyo, kumbaga sa rabies. Naku, maraming maraming salamat, doc Mike. We learned a lot.

**DOCTOR BANAWA:**

It is always a pleasure to be here in this program.

**PROF RARA:**

limbitahan po namin kayong ulit.

**DOCTOR BANAWA:**

Opo, wala pong problema.

**PROF RARA:**

Next time, pag isipan natin 'yan kung ano ang pag-uusapan natin. And on that note, magtatapos na po ang Kwentuhang Pets Atbp. Alas dos na naman ng hapon. At magkita-kita muli tayo next week, Miyerkules, ala una ulit nang hapon dito sa DZUP 1602...

**PROF RARA & GEMMA:**

Kasali ka!